

1

Tanghali na nang makabalik si Rebecca Flores sa bahay ng kaibigan niya sa Pasig. Dalawang linggo nang ganito palagi ang kanyang routine. Lagi siyang pagod pagdating sa bahay.

Kailangan niyang magsikap. Bagong trabaho ang pinapasukan niya. Dapat lagi siyang may good points upang mai-extend ang contract o kaya ay maging regular employee.

Nagbihis siya ng pantulog at humiga na sa kama.

Ilang oras ang lumipas at nagising siya ng mga alas siete ng gabi. Nagmadali siyang magluto ng dalawang itlog, at tinapay lang ang kanyang ipinares dito. Kape ang pinili niyang maging inumin. Nang matapos kumain ay inilagay na niya ang mga pinagkainan sa lababo nang hindi iyon hinuhugasan.

Nag-shower siya nang mabilis at umalis pagkatapos magbihis. Bibili siya ng kanyang baon sa isang malapit na grocery store at papasok na uli sa call center. Isang buwan na siyang nagti-traning kaya another month na lang ang kulang at sasabak na siya sa totoong trabaho.

Dumating ng bahay si Levi Andrada nang alas nueve. Napasimangot siya dahil mukhang two weeks na niyang napapansing lagi niyang nakakalimutang maghugas ng pinggan at ng tasa ng kape. Pero sa isip niya ay nagmistulang *déjà vu* ang nangyayari sa kanya.

Pero hindi. Two weeks? naisip pa niya. Tandang-tanda niyang dalawang linggo na ito.

Hinugasan niya ang mga nakatambak na hugasin sa lababo bago siya naligo siya. Kumain na siya sa suki niyang restaurant. Pagkagaling sa opisina ay roon siya palaging kumakain ng hapunan bago umuwi.

Naginawahan siya matapos makaligo. Magiging mahimbing na naman ang tulog niya. Hindi niya alam, hindi siya ganito kapag ibang lugar ang kanyang tutulugan. He used to stay awake when it wasn't his own house he was going to sleep in.

Parang may charms ang bahay na ito, naisip pa niya at sinuntok ang unan bago ipinatong ang ulo rito.

Kinaumagahan ay maagang nagising ang binata. Magluluto na siya ng dalawang itlog, tinapay lang ang ipapares niya dito at kape.

A Burning Affair - Darlene Bollon

May kakaiba siyang napapansin sa refrigerator. Walo ang itlog na natira kahapon, ngayon ay naging apat na. Binawasan lang naman niya ng dalawa iyon, bakit biglang kinulang?

Tinandaan na niya ngayong hinugasan niya ang frying pan, plato, tinidor at tasa. Titingnan niya mamayang gabi kung uulitin na naman niya ito.

Alas nueve na ng umaga nang nakauwi si Rebecca sa bahay. Napaka-traffic kasi pag rush hour kaya't heto, malapit na ang tanghali nang nakauwi siya. Sabagay, palagi namang ganito.

Dumerecho na siya ulit sa kanyang kuwarto, sa guest room sa ground floor. Natulog siya buong maghapon. At nang magising siya ay alas seis y media na.

Nagpunta siya sa kusina. Ngayon lang niya napansin na tuwing pumupunta siya roon ay malinis ito. May caretaker ba si Yuki rito? Hindi kasi siya nakakapaghugas ng pinagkainan dahil sa pagmamadali niya. Pero kung mayroon man, bakit sinabi ng kaibigan niyang kailangan siyang tumao sa bahay nito?

Tumingin siya sa ikalawang palapag. Parang

tahimik naman. Naghanda na lang siya ng itlog at tinapay para kainin niya. Nagtimpla na rin siya ng kape.

Napansin niyang dalawa na lang ang natirang itlog. Nagtaka siya kung bakit nabawasan iyon gayon tila anim na piraso pa natitira nang nagdaang araw. Naisip niyang siguro ay kumain ang caretaker ni Yuki. Nagpatuloy na siya sa pagkain.

Habang naliligo ay iniisip niya kung ano ang dahilan ng kanyang kaibigan para patirahin siya rito gayong may caretaker naman ang bahay.

Kahit nakasakay na sa jeepney ay napapaisip pa rin siya sa puzzle na ito.

“Friend, gusto kong tumira ka muna sa bahay ko ng half year habang nasa Canada ako.”

“Yuki, ba’t naman? May apartment na akong nakita. Ibinigay ko na sa landlady ’yung down payment.”

“Eh, di bawiin mo. Sabihin mong may nakita kang mas mura.”

“Bakit pa kasi ako ang naisipan mong magbantay ng malaking bahay mo, ha?”

“Alam mo naman, may plano na kaming magpakasal

ni Brando doon sa Canada. "Tapos, babalik rin ako after six months. Gusto ko lang na may maglilinis sa bahay ko. Siyempre, wala na akong mga magulang na p'wede kong asahan. Kaya ikaw na, friend."

Rebecca sighed. That request was out of the blue. Wala siyang alam na puwedeng motibo. It was too simple.

"Kahit hindi mo linisin araw-araw ang bahay. Kahit minsan sa isang linggo lang... o kaya'y once a month. Okay?" Yuki said with hopeful eyes.

Napilitan na lang siyang sumang-ayon dito.

"O, sige. Sige. Payag na ako."

Levi was very frustrated. Nakita na naman niya ang dishes sa lababo na hindi hinugasan. Tandang-tanda niyang hinugasan niya ang mga ito kaninang umaga!

Kinabukasan, kinunan na niya ng picture ang mga natitirang itlog sa refrigerator gamit ang kanyang mamahaling cellphone. Kabibili lang niya ng isang dosenang itlog, at may dalawa pa na siyang naiwan mula noong bumili siya tatlong araw na ang nagdaan. Dapat sana, good for six days ang isang

dosena para sa kanya.

“Titingnan ko kung magkukulang ka ulit,” he said with satisfaction written on his face.

Natulog na siya pagkatapos mag-shower.

Kinabukasan, maagang nakapag-almusal si Levi. As usual. Itlog, tinapay at kape. Naghugas na rin siya ng lahat ng ginamit niya at kinunan ng larawan ang malinis na lababo.

He was so satisfied when he left, driving his car to the office. Kung mangyayari pa ulit ang nangyari sa kanya for two weeks now, mananagot sa kanya si Brando. Baka may multo sa bahay na iyon ng fiancée nito.

“Bro, kelangan lang talaga ni Yuki na may magbabantay sa bahay. Uso pa rin hanggang ngayon ang akyat-bahay. Pag nalaman nilang walang nakatira sa bahay, tiyak may maghahakot sa mga gamit doon. Kahit pati linya ng kuryente at window grills, di yun patatawarin.”

Nagkausap sila sa telepono habang nasa opisina ang binata noon. Sadyang tumawag ang kaibigan upang pakiusapan siya sa isang bagay.

“Bakit di na lang kayo mag-hire ng taong

magbabantay o kaya’y mga kamag-anak n’yo? I have my own house to live in, Bro. Di ako makakatulog kapag hindi ko bahay.”

“Bro, favor lang. Wala kaming malapit na kamag-anak d’yan na natira. Lahat sila ay nandito na sa Canada. Pati ang fiancée ko, wala na siyang kamag-anak dahil puro nag-immigrate sa ibang bansa.”

Levi sighed.

“Okay. I’ll give it a shot. One night!”

“Okay, Bro.”

“One night, Brando, kapag hindi ako nakatulog doon, hindi ako tatao sa bahay ni Yuki. Babalik ako sa bahay ko.”

“I know. But you have your helpers that you can trust. Unlike me... or Yuki... talagang wala kaming ibang mahihingan ng favor. Ayaw kasi ni Yuki na ibenta ang bahay kahit approved na ang kanyang citizenship rito. Thank you so much, Levi. You’re the very best friend I got.”

“Don’t thank me yet. I said I will try it for only a night.”

“I’m sure that you can sleep there very well. Tahimik ang lugar na iyon, makikita mo.”

“And one more thing. I’m going to stay in my house during weekends. All right? At least, wala naman sigurong mangangahas na mag-akyat-bahay sa weekends. Weekdays lang ang alam ng mga akyat-bahay gang na ’yan na may trabaho ang nakatira sa malalaking bahay, baka sa mga araw nga lang ng weekdays kikilos ang nga iyon. At least, that’s my logic,” turan niya na ngumisi.

He was very confident of his logic at all times after all.

“All right. If that is your condition, no problem. I owe you this, Bro.” Halatang masaya ang kaibigan nang sumang-ayon siya. Ipapadala na lamang nito sa email ang address ng bahay ng nobya at kung paano pupunta roon.

“Don’t forget. One night.” Ibinaba na niya ang telepono.

As usual, he was busy at the office. He was looking forward to the weekend. Gusto niyang magbabad sa kanyang pool. It would be so relaxing for him. Pag ganito ang kanyang naiisip, ganado siyang magtrabaho at mabilis niyang natatapos ito. At kapag inspired siya sa isang bagay, pangyayari o

tao, his hands would be busy carving wood at his workshop, which was just next to his bedroom.

Kumatok sa pinto ng kanyang opisina ang sekretarya niya at pinapasok niya ito.

“Sir, just to remind you of your meeting in thirty minutes.”

“Oh, right! I almost forgot. Thank you, Barbara.”

Umalis na ang babae upang bumalik sa trabaho.

Sumapit ang oras ng meeting. Pumasok siya sa conference room kasama ang sekretarya. Nandoon na ang lahat ng limang miyembro ng staff niya.

“Good afternoon, everyone. Let’s start. Anyone of you may talk,” umpisa niya, umupo sa swivel chair na nasa dulo ng rectangular table na katamtaman lamang ang haba.

Nakaupo naman sa kabilang dulo ang secretary niya upang mag-take ng minutes of the meeting.

Nagkatinginan ang kanyang staff upang malaman kung sino ang mauunang magsalita.

“Sir, we found something interesting to be the newest product of our mall.”

“And what is it?” He prompted as he laced his

fingers together.

Pag ganito ang ginagawa ng lalaki ay dapat na mag-iingat ang mga ito sa suggestions o dapat na sasabihin.

“We were thinking if the new brand designer of clothes would fit into our project,” dagdag pa ng supervisor ng sales na si Harris Bayron.

“What brand are you talking about, Harris?” he pressured one of his best and oldest employees.

“Ah, Sir, we are trying to introduce to the market this new brand called *Wasabi*, short for *Walang Masabi*.”

Ngumisi ang binata. The brand sounded like it was made by an idiot. O napaka-super confident lang?

“Harris, I must say that the brand sounds pretty... fulfilled and successful. But do you think that the brand has been successful at least once? I’m talking about a fashion show here or some kind of an event wherein this brand proved to be worth your interest.”

Napakurap-kurap si Harris habang wala namang masabi ang iba.

“Sir, she is quite confident about the clothes she designed. The fashion show she held last time was...

quite successful.”

Tinantya niya ang sales supervisor.

“Okay. Just give me sample pictures as proof first thing tomorrow. So, anything else?”

“Sir, I have an idea about a new product. However, we are still looking for an amateur ladies’ shoes designer.”

“What? Why amateur, Koreen?” Sumimangot ang binata sa narinig. He did not want anything that was below standard. His standards, at that.

Napatingin sa sales supervisor ang dalagang manager ng human resource department.

“Sir, if you would please listen to my idea.”

“Well, go ahead,” sabi ni Levi na sumandal sa swivel chair.

“If we are to introduce the new ladies’ shoes designer, we can use our mall’s name for the brand. In that way, our mall will literally become the ‘walking advertisement’. If you know what I mean.”

Tinitigan ng binata ang kausap, tinitimbang ang pros and cons ng idea nito. Mukhang mas marami ang pros kaysa sa cons.

“All right. I’ll give you one month to get this new ladies’ shoes designer. And I want the best! Don’t stoop low on my standards. Understood?”

Tumayo na ang binata nang wala ng magprisinta ng idea para sa bagong project ng kompanya niya, ang *Fantasy Mall*.

Kinabukasan ay nabawasan na ng dalawang itlog ang binili niya lang nang nakaraang araw. Sinuri niya sa kanyang cellphone ang mga itlog upang bilangin ang mga iyon at ikinumpara sa nasa tray ng refrigerator ngayon.

Patingin-tingin siya sa paligid. No signs of break in. Wala namang nawawalang mga gamit. Pinuntahan niya ang ginagamit niyang kuwarto, walang nawala roon. He checked the other rooms, but they seemed to be perfectly untouched. Medyo inalikabok na nga lang. Last week pa kasi niya nalinisan ang bahay.

And then, he checked the rooms on the ground floor. Mukhang may di normal sa isang kuwarto. Ang kalat. Sobrang kalat! May nakita pa siyang panties at bra na nakasampay sa headboard ng kama. At may tuwalya pang halatang medyo basa na nakasampay sa likod ng nag-iisang silya sa kuwarto.

He was totally shocked beyond belief!

2

Tinakpan ni Levi ang ilong at patingin-tingin nang maigi sa buong kuwarto. And his eyes were drawn to an open album that was placed on the bedside table. Lumapit siya at napako ang kanyang atensyon doon. Nakita niya ang isang disenyo ng pambabaeng sapatos, with their specific designed and patterned cloth at the upper right side of the white paper. He checked the other pages filled with other designs, patterns and cloths with specific colors, embroidery or jewels and beads as accessories.

He blinked and was fascinated by the designs. The shoe designs were for women. And then, he looked around the room again.

Who the hell uses this horrible room? tanong pa niya sa sarili at pumunta na sa sarili niyang kuwarto.

Napaisip siya. Parang bago lang ginamit ang mga iyon. He shuddered at the thought of someone who had no sense of sanitation. Naisipan niyang huwag pumasok sa araw na iyon ng Biyernes. Kailangang bantayan niya kung may gumagamit nga sa silid na iyon. Curious siya kung sino ang kanyang secret housemate.

A Burning Affair - Darlene Bollon

He waited in the middle of the day like a hungry hunter. He was patient and so prepared for the kill.

Pero nakatulog na lamang ang binata sa kahihintay. Nang magising siya ay bandang alas diez na ng umaga.

Wala siyang napansing dumating. Nagpasya siyang pumasok sa opisina. Aagahan na lang niya ang pag-uwi mamaya. Baka suwertehin siya at makita ang sinumang babaeng gumagamit sa kuwartong iyon. And if that woman was the one who designed those ladies' shoes.

Late nang nakauwi si Rebecca. Alas onse y media na ng umaga dahil dumaan pa siya sa grocery upang bumili ng mga kakailanganin niya. Dinatnan siya sa araw na ito at naubos na pala ang kanyang reserbang sanitary napkins.

Inilagay niya sa paanan ng kama ang kanyang mga binili at nakatulog siyang hindi man lang nakapagpalit ng kanyang short skirt and spaghetti-strapped top. Tanging blazer lang ang kanyang nahubad at ini-hang niya ito sa silya kasama ang kanyang tuwalya.

Samantala...

A Burning Affair - Darlene Bollon

Maagang umuwi si Levi dahil gusto niyang makita ang sinumang babaeng kasama niya sa bahay. He had this feeling that he would meet that woman.

He wanted the place speckless, spotless. He was the one cleaning the whole house by himself every Friday evening, before he went back to his own house.

Inihimpil niya sa garahe ang kanyang sasakyan. Nang makaibis ay sinilip niya ang kanyang wristwatch; alas seis na ng gabi. Mas maaga siyang dumating kaysa dati.

Binuksan niya ang pinto gamit ang susi na iniwan sa kanya ni Brando. Madilim na sa loob ng bahay at napakatahimik. Matapos sindihan ang ilaw sa sala ay dumerecho siya sa magulong kuwartong pinasok niya kanina.

Madilim doon. Binuksan niya ang ilaw at nakita ang pigura ng babaeng nakahiga sa kama. She was lying on her stomach and with her face down across the bed, without a pillow.

His eyes were round in shock. Those legs were quite pretty! He looked at the sleeping figure from feet to head. Her skin was shining with healthy glow. Her long brown hair was tussled in her sleep. The back view alone was pretty and was a beautiful sight

for him.

Ngunit hindi niya makita ang mukha nitong nakaharap sa bintana. Lumapit siya upang tingnan ang anyo ng babae, ngunit nabigo siya dahil natatakpan iyon ng buhok nito.

Napalunok siya at ilang beses na napakurap. Her figure looked sexy despite of the repulsive surrounding. He then sighed and quietly went out of the bedroom after he turned off the light.

Hindi man lang natinag ang dalagang nakatulog nang mahimbing. Nang marinig nito ang pagtunog ng alarm, hudyat ng paggising nito, pupungas-pungas na bumangon ito. She shed her clothes except her underwear. She went out of the bedroom, carrying her new set of underwear and a towel.

Nanlaki ang mga mata ni Levi nang makita niyang lumabas ang babae. Sa kanyang posisyon sa kinauupuang silya sa kusina ay kitang-kita niyang lumabas ito mula sa kuwarto nito.

He still couldn't see her face, but she sure was truly sexy! Naramdaman niyang nag-init ang kanyang katawan sa nakita.

Didn't she notice me at all? The light here is bright enough, he thought. Napabuntong-hininga siya habang sinusundan ng tingin ang nakakabighaning katawan ng housemate niya hanggang makarating ito ng banyo.

He never imagined that they shared the same bathroom, the same soap, the same roof and the same eggs!

He could imagine how the soap glided on her body. He sighed and shook his head to get that perverted thought out of his mind.

Tumingin siya sa kanyang relo; it was well past seven in the evening. She went out of the bathroom clad only in her underwear and a towel around her shoulders. His heart seemed to turn upside down.

Samantala, hindi pa nasuklay ni Rebecca ang kanyang mahabang buhok, kung kaya inayos niya iyon gamit ang kanyang mga daliri nang bigla niyang makita ang taong nakaupo sa silya sa kusina.

Napatili siya habang umaatras patungo sa kanyang kuwarta at ang mga kamay ay nakaekis sa kanyang harap upang huwag malaglag ang tuwalya. She was trembling and her heart was beating hard against her chest.

“Tulong! May rapist!”

Bigla namang tumayo si Levi. Lumapit ito upang pigilan ang dalaga sa pagtili.

“Hey! Hey! Stop screaming!” utos nito sa malakas na boses.

Napamaang na lamang siya rito. “S-sino ka ba?”

He looked at her beautiful face. He didn’t know she could look like an angel that came out from her bath.

Sinikap nitong i-compose ang sarili. Tumikhim ito at umiwas ng tingin upang hindi tumitig sa kanyang magandang katawan.

“I... I didn’t know that someone is living with me in this house. Are you the housekeeper or... caretaker?” He realized that those questions were really nonsense.

Paano nga ba magiging housekeeper o caretaker kaya ang babae kung ganoong napakagulo ng silid nito?

“A-akala ko may caretaker dito sa bahay ni Yuki,” mahina ang boses na tugon niya.

Nagkatinginan sila saglit. Kapwa nila iniisip kung

ano ba ang nais palabasin ng mga kaibigan nila sa nangyaring ito na pareho silang nakatira sa iisang bahay.

They both looked away.

“I... I’ll just get dressed,” paalam ni Rebecca.

Tumango si Levi at sinundan ng tingin ang dalagang pumasok na sa kuwarto nito. His heart was still beating fast. He could not think straight as he watched the beautiful woman.

Umiling-iling siya. *No. She’s the most terrible, most unsanitary person I’ve ever met.*

Just thinking of him kissing her made him shudder as he realized that the background was truly horrendous.

And why was I thinking of kissing her? he thought furiously.

Naglakad siya paroon at parito, pilit na iwinawaksi sa kanyang isipan ang magandang imahe nito. Naaamoy pa niya ang mabango nitong samyo mula sa shower. He could not deny that he was attracted to her at first sight!

Tumigil siya sa ginagawa niyang palakad-lakad nang makitang bumukas ang pinto ng kuwarto ng

babae.

He could not believe that he was living with this beautiful woman all along. How could he not realize it right away? Why didn't he decide to clean the rooms on the ground floor? He only cleaned the kitchen, the living room and the second floor.

Ah, he was tired of cleaning this old house!

Hindi niya alam kung bakit hindi niya naisipan na linisin ang mga kuwarto rito sa ibaba. Dahil ba nakita niyang malinis naman ang dalawa pang silid?

Sa kabilang banda, dala ng dalaga ang kanyang pagkain na binili sa araw na ito. Habang nagbibihis si Rebecca kanina ay di niya lubos-maisip na nakatira pala siya sa isang bahay kasama ang isang lalaki na hindi niya man lang kilala.

Namumula ang mga pisngi niya dahil nakita niyang nakakalat ang kanyang mga underwear, tuwalya at iba pang mga gamit sa kuwarto.

“Hay... bakit ba kasi ito nangyari sa akin? Yuki, humanda ka sa akin!” sabi pa niya sa sarili na nagngingitngit sa kaibigan.

Nakagat niya ang pang-ibabang labi habang nakatingin sa salamin. Nakapaglagay na siya ng

pulbos sa mukha. Handa na siyang lumabas ng silid upang makilala ang estrangherong kasama niya sa bahay ni Yuki.

Masusing pinagmamasdan ni Levi ang babae habang nagpiprito ito ng itlog. Hindi pa nila magawang magpakilala sa isa't isa. Tahimik lang silang pareho habang nagluluto ito at siya naman ay nakaupo at nakamasid dito.

“Would you like some?” she asked without looking at him.

“A-ah, no. I’ll just go out to have dinner later,” he declined.

He saw with his own eyes that she fried the eggs he just bought yesterday. He saw that they both liked the eggs cooked sunny side-up at ibabaligtad ang mga ito upang lutung-luto ang eggolk.

“I am Brando’s friend, by the way,” umpisa pa niya.

Natigilan sandali ito saka napaharap sa kanya.

“I’m Yuki’s friend,” she said, her eyes wide.

“What?” Levi was confused.

Napaisip ang dalaga sa kanyang kaibigang nasa Canada na ngayon. Ibinalik niya ang atensyon sa itlog na niluluto. Nang makita niyang luto na ang mga ito ay inilagay niya sa plato ang itlog.

Nagtimpla siya ng kape na tila ba kalmado lang siya. But she was already boiling inside. Nahuhulaan na niya kung ano ang gustong mangyari ni Yuki.

“Kape?”

“No, thank you.” He was frowning.

Kape niya ang ginagamit ng dalaga. Pati asukal!

“Lagi mo bang ginagawa ito?” curious na tanong nito nang makaupo siya sa harap ng hapag.

“Oo.”

“So, you’re the one who’s stealing my eggs?”

Napadilat ng mga mata ang dalaga.

“Itlog mo ang mga ito?”

“No! I mean, yes. I bought them myself.” He felt uneasy. Paano ba naman, sinabi ng babae na itlog niya ang mga iyon. Napalunok tuloy ang binata at iniwasang huwag magkaroon ng perverted thoughts sa kausap.

“Talaga? Itlog mo ang mga nakain ko these past two weeks?”

Hindi nagsalita si Levi.

She looked at the eggs with guilt. Yumuko si Rebecca upang hindi makita ng kaharap ang namumula niyang mukha.

“I thought the caretaker bought them. Akala ko sinabi ni Yuki ’yun sa caretaker.”

“Just eat my eggs. I’ll go out.”

Tumayo ito at iniwan siya. Pinanood niya ang papalayong likod nito, pagkuwan ay tumingin sa pagkain sa harapan niya.

“Ay, itlog pala kayo ng friend ni Brando,” sabi niya sa mga itlog na niluto niya. “Di bale, bibilhan ko na lang siya ng mga itlog pagkasuweldo ko next week.”

Kumain siya nang dahan-dahan. Nang makita niya ang orasan ay nagmadali na siya. Muntik pa siyang mabulunan.

3

Nakaupo lamang ang binata sa loob ng kanyang sasakyan. Nakikipagtalo siya sa sarili kung tatawagan ba niya ang kaibigan at pagagalitan ito.

He rested his head against the headrest of the seat. The light inside his car was on. He was reflecting about the scheme Brando and Yuki set up for him and that unhygienic woman.

Hindi niya namalayan ang pagdaan ng oras. Nagulat niya nang mula sa gilid ng kanyang mga mata ay nakita niyang lumabas ng bahay ang babae. Binuhay niya ang makina ng kanyang sasakyan at pinaandar iyon patungo sa gate.

“Where are you going at this hour?” he asked her after rolling down the window of his car.

Natigilan ito.

Tiningnan niya ang suot ng babae; it was a formal suit. Magtatrabaho ito ng ganitong oras ng gabi? Pero saan? Hindi naman siguro sa isang bar. Sexy sana ang suot nito kapag sa bar.

“To work,” narinig niyang tugon nito.

“Ihahatid na kita sa bus station,” alok niya.

“No. It’s just walking distance and I’m not yet late, anyway.”

“It’s on my way, don’t worry,” he insisted.

“I’m sorry, hindi tayo magkakilala. Sige,” sabi pa nito at umalis na patungong grocery store.

Sinundan lang niya ang babae ng tingin at nang makita niyang papunta na sa bus station ang dalaga ay umalis na rin siya patungo sa kanyang bahay.

He changed his mind. He wouldn’t stay in the old house tonight. The next day would be weekend, anyway.

Pumasok sa kuwarto ni Yuki ang nobyo. Nakatira sila sa bahay ng pamilya ng binata pero magkahiwalay ang kanilang mga silid. Kapag kasal na sila, titira sila sa isang bahay na may dalawang palapag. Ibinigay iyon sa dalaga ng kanyang mga magulang bago pa maidaos ang kasal.

“How are you feeling now?” he asked kindly and with concern. Umupo ito sa kama niya.

“My fever is gone but I still have a headache.”

“Naninibago ka lang sa climate,” turan ng binata.

“Autumn na kasi. Paano na kung winter?” Matipid ang ngiti niya.

Inalis nito ang kumot upang makatabi ang nobyang nakaupo at nakasandal sa unan.

“Paano ’yan? Winter wedding ang petsang pinili natin sa kasal natin.”

Tumawa siya.

“Sa higaan tayo ikakasal.”

“Speaking of wedding...” Nakangiting tumingin si Brando sa nobya. “I wonder what has become of my friend and your friend.”

Muli ay tumawa siya.

“Sa tingin mo, nagkakilala na sila ngayon?”

“Well, I can just imagine Levi’s reaction.”

Napataas ang kilay ni Yuki habang nakatingin sa katabi.

“Ano naman ang magiging reaction ni Levi?”

“I’m sure, Rebecca is just his type of woman.”

Napabungisngis siya. “I can imagine that

Rebecca is fuming with anger once she learns of our matchmaking tactic!”

Nagkatawanan ang magnobyong.

“Teka, pero wala pa sa kanilang dalawa ang tumatawag sa atin para pagalitan tayo,” anito.

“Hmm... tingnan natin later, in a few more days. Dalawang linggo na kaya ako rito. Sa tingin mo, di pa rin sila nagkakatagpo?”

Napaisip si Brando at napatango. Nagkangitian sila at nagkatinginan nang makahulugan.

“Are you really positive that Rebecca is Levi’s type?” May pagdadalawang-isip ang dalagang nagtanong sa nobyo.

He sighed. “Rebecca is beautiful.”

“Oo. Kaya lang...”

“Makalat siya.”

“Oo,” sang-ayon pa ni Yuki. “At si Levi naman ay napakalinis. Paano niya magugustuhan ang kaibigan ko pag nakita niya ang place ni Rebecca?” nahihindik na tanong niya habang naiisip ang babae.

“Good point, right?”

“Pero sinabi mo ngang maganda si Rebecca at type siya ni Levi. Ang sa akin naman ay ayaw ni Rebecca ang bossy type na lalaki. She has this ideal about equality of men and women. Pantay lahat para sa kanya. And you know that Levi is a very bossy person. Not to mention, a slave driver.”

“Well, we’ll see.”

“Tama. Maybe their meeting is fate, after all,” Yuki concluded.

“I’m sure it is. We are fated to become their matchmakers.”

“According to my record, may dalawa sa inyong magsisimula na nang live on the floor next week.”

Nagkatinginan ang twenty newly hired call center agents. Nasa conference room sila sa kasalukuyan at kinakausap ng training supervisor nila.

“Di pa po tapos ang training natin, Ma’am,” saad ng isa kay Mrs. Sanchez.

Napatingin si Rebecca sa kanyang ka-batch, si Patsy. ito ang palakaibigan sa lahat.

“Well, that’s our decision. There are two regulars

that are sick and on maternity leave. We have to fill out those ranks. So now, both of you, Rebecca Flores and Patsy de Guzman, are considered for these current positions.”

Nagkatinginan sina Rebecca at Patsy at nagkangitian.

“Both are on level one. You two will have a demo after this meeting while the others will continue their training with me at the training room. Mr. Rosales will show you the floor,” patuloy pa ng kanilang trainer. Tumingin ito sa kanilang dalawa. Tumango sila.

“Kinakabahan ako,” bulong pa ni Patsy nang maiwan silang dalawa sa conference room.

Naghihintay sila sa team leader na susundo sa kanila. Mukhang busy pa ito.

“Easy ka lang,” sabi ni Rebecca rito.

Magkaharap silang nakaupo, napapagitnaan nila ang conference rable.

“Confident ka talaga,” tugon nito na nakangiti.

“Dapat lang. Gusto kong magtagal sa trabaho para pangkabuhayan. Besides, meron naman na tayong training.”

Tumango si Patsy. “Ako nga rin, eh. Nangako ako sa dalawang nakababatang kapatid ko na papag-aralin ko sila.”

“Ah, tatlo kayong magkakapatid?”

Tumango uli ito. “Oo. Ikaw? May mga kapatid ka ba?”

“Wala. At ako na lang mag-isa sa buhay. Buti ka pa.”

“Bakit mag-isa ka na lang?”

“Well, patay na ang mga magulang ko dahil nasunog ’yung bahay namin sa probinsya. Fourteen years old pa lang ako noon. ’Tapos, sumama ako sa isang ale at namasukan ako bilang governess sa isang elementary student.”

“Bata ka pa naging governess ka na? Ang talino mo pala.”

Napangiti ang dalaga.

“Oo. Kasi mahirap kami. Gusto ko talagang makatapos sa pag-aaral. At suwerte ako dahil binigyan ako ng pagkakataon ng mga naging amo ko. Mababait sila. Pero n’ung namatay sila dahil sa isang car accident, kinupkop ’yung bata ng kapamilya nilang nasa States nakatira. Pagtuntong ko ng college,

nagtrabaho ako bilang part-time waitress. At meron din akong scholarship. Kaya naging ganito ako ngayon.”

“Madrama pala ang nakaraan mo. But I really admire your hardwork and conviction to finish your studies.”

Bumukas ang pinto at nakita nilang pumasok ang isang lalaki na semi-casual ang suot.

“Kayo ba ang mag-o-observe sa floor?” tanong nito.

Napatingin ang dalawang dalaga sa guwapong lalaki. Katamtaman ang height at build ng katawan nito. Moreno ngunit tipong mestisuhin ang mukha.

“Yes, Sir,” sabay na tugon nila.

Napasulyap si Rebecca sa kasama at nakitang parang nasobrahan yata ito sa pagngiti nang matamis sa team leader nila.

“Sumunod kayo sa akin,” anito.

Bigla niya tuloy naalala ang kaibigan ni Brando na nakilala niya kanina. Napakurap siya at tumayo mula sa silya upang sundan ang kanilang team leader.

Tama na. Trabaho ang kelangan mo ngayon at

hindi lalaki, sabi ng kanyang isipan.

“I’m Marlon Quizon, the team leader of Level One Inbound Production. I looked at your resumés before meeting the two of you. So, I know your names and capabilities already.”

Napatango lamang sila

“Proactive,” bulong pa ni Patsy kay Rebecca.

Napangiti siya rito.

“So, you already know the jargons and terms in our call center, right?” tanong pa ng binata sa kanila habang nasa hallway sila patungo sa production area.

“Opo,” sabay na tugon ng dalawa.

“Good. Now, here we are.”

Nakita nilang nasa kani-kanyang workstation ang mga agents. Busy ang mga ito habang naka-headset. The headset was connected directly to the telephone, which has no handset.

“As you can see, no one is idle. You take a break when you have to, such as going to the bathroom or cigarette break. And you take turns when it’s mealtime. We are doing it so that we don’t hold up the customers for long. There should be one attending

to each customer on the line. Understood?”

“Yes, Sir.”

“As for the two of you, since you are new, I can grant you to work together and have a break together during mealtime.”

“Thank you po,” sabi ni Patsy.

“Thank you, Sir,” segunda ni Rebecca.

Tumitig sa kanilang dalawa ang team leader. Tumawag dito ng supervisor.

“Mrs. Ocampo, these are our new team members, Rebecca and Patsy. They’re going live next week,” pakilala pa ni Marlon sa kanila.

Nakipagkamay ang dalawang dalaga sa ginang.

“Nasa meeting po kasi kayo, kaya ako na ang nag-o-orient sa kanila rito, Ma’am.”

“Yes. Very good then, Marlon,” anang supervisor nang di nakangiti. “You carry on.”

Nagmasid sila sa iilang team members. There were almost thirty of them in the production area of Level One Inbound.

Each team member or a couple was assigned to

a certain product. Kada isa ay may kopya ng dapat nilang sabihin, notes on FAQ at customer support techniques ay naka-push pin sa kada station.

Walang pakialam ang team leader as long as the team members were doing their job well.

Nakahiga na si Levi sa kama niya nang gabing iyon. Iniisip pa rin niya kung gaano kaganda ang kaibigan ni Yuki. Makinis ang balat nito, in fairness, kahit burara ito sa kuwarto.

Stupid. ‘Yuki’s friend’ na lang ang tawag mo sa magandang anghel na iyon. You did not even ask her name. She would think you’re not interested in her. Idiot! his mind scolded him.

Naalala niya si Brando.

Sa mga oras na ito, umaga na sa Canada. Naisip niyang tawagan ang kaibigan.

“Bro...” Masigla ang boses ni Brando nang marinig niyang sumagot ito sa telepono.

“Hey! I am just wondering...”

Patay! naisip ni Brando.

Nagtatanong ang mga mata ni Yuki habang

nakatingin sa nobyo. Ngumiti lang ito sa nobya.

“I didn’t know that someone is actually living with me the whole time.”

Sa kabilang linya, namilog ang mga mata ni Brando. Kalmante ang boses ng kaibigan. Hindi sumisigaw. Baka kalaunan, gagawin nito iyon. He knew the man so well.

“Ah, I didn’t know about that. What do you mean, Levi?” He was acting innocent so that Levi would not get angry with him.

Pero pinipilit na nitong huwag tumawa; si Yuki naman ay tutop ang bibig upang hindi makawala ang bungisngis.

“Do I look like a fool to you, Brando?” biglang sigaw ni Levi sa kaibigan.